

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Nasi-secure ng Brampton ang mga pamumuhunan ng Pederal at Lalawigan sa paglikha ng Hub ng Kabataan sa Komunidad sa South Fletcher's Sportsplex**

BRAMPTON, ON (Marso 5, 2021) – Sa araw na ito, si Mayor Patrick Brown; mga Konsehal ng Lungsod ng Brampton; Sonia Sidhu, Miyembro ng Parliyamanto para sa Brampton South, sa ngalan ni Honourable Catherine McKenna, Federal Minister of Infrastructure and Communities; Honourable Prabmeet Sarkaria, Associate Minister of Small Business and Red Tape Reduction and Miyembro ng Panlalawigang Parliyamanto para sa Brampton South, sa ngalan ni Honourable Laurie Scott Minister of Infrastructure ng Ontario; at Amarjot Sandhu, Miyembro ng Panlalawigang Parliyamanto para sa Brampton West ay inanunsyo ang pagpopondo para sa darating na Hub ng Kabataan sa Komunidad sa South Fletcher's Sportsplex sa Brampton.

Namumuhunan ang Pamahalaan ng Canada ng \$565,000 sa proyektong ito sa pamamagitan ng Pamumuhunan ng Community, Culture and Recreation Infrastructure Stream (CCRIS) sa plano sa Canada. Ang Pamahalaan ng Ontario ay nagbibigay ng \$470,786 habang ang Lungsod ng Brampton ay nagbibigay ng \$376,714 tungo sa proyektong ito.

Ang Hub ng Kabataan sa Komunidad sa South Fletcher's Sportsplex ay magbibigay sa kabataan ng Brampton ng ligtas at naa-access na espasyo para makalahok sa mga programa na pinasadya para sa mga kabataan, mga serbisyo at mga aktibidad. Ang ilang silid sa South Fletcher's Sportsplex ay iko-convert bilang isang bukas na konsepto, itinalagang espasyo para sa mga aktibidad ng kabataan at mga resource.

Ang pagdadagdag sa access sa mga espasyo na nakalaan sa kabataan ay bahagi ng [Master Plan sa mga Parke at Libangan](#) ng Lungsod ng Brampton. Pinaplano ng Lungsod ng Brampton na i-convert ang espasyo sa dalawang sentrong panlibangan – ang South Fletcher's Sportsplex at Century Gardens Recreation Centre – tungo sa mga Hub ng Kabataan ng Komunidad, na nag-aalok sa kabataan ng ligtas at tumatanggap na mga espasyo na umaakto bilang isang one-stop shops para sa mga serbisyo at mga aktibidad para sa mga kabataan sa buong lungsod.

May input mula sa [proseso ng konsultasyon sa Lungsod](#) kasama ang mga residente at mga stakeholder, ang proseso ng pagdisenyo para sa dalawang Hub ng Kabataan sa Komunidad ay magsisimula sa Winter 2021.

### **Designasyon na Komunidad na Nakakabuti sa Komunidad**

Noong Marso 2020, ang Lungsod ng Brampton ay nakatanggap ng designasyon na Platinum Status Youth Friendly Community mula sa Play Works, isang programa na suportado ng Parks and Recreation Ontario. Ito ang pangatlong pagkakataon na ang Lungsod ay nakilala para sa outstanding commitment nito sa mga pagkakataon ng paglago at pag-unlad para sa kabataan, at isa sa tatlong komunidad na tumanggap ng nangungunang platinum na designasyon sa taon na ito. [I-click dito](#) para malaman ang mas marami.

### **Mga Link**

- [Media Release: Namumuhunan ang Canada at Ontario para Makalikha ng isang Hub ng Kabataan ng Komunidad sa South Fletcher's Sportsplex sa Brampton](#)
- [Mga Hub ng Kabataan sa Komunidad](#)
- [Master Plan sa mga Parke at Libangan](#)
- [Designasyon ng Komunidad na Nakakabuti sa Komunidad](#)

**Mga Quote**

“Malugod nating tinatanggap ang pamumuhunan ng Pamahalaan ng Canada at ng Pamahalaan ng Ontario Hub ng Kabataan sa Komunidad ng Brampton sa South Fletcher’s Sportsplex. Ang Brampton ay isa sa pinakabatang mga lungsod sa Canada, na may higit sa 130,000 kabataan na may edad na 14 hanggang 29. Ang mga Hub ng Kabataan sa Komunidad ay hihikayat ng pagkakaiba-iba at pagkakapantay-pantay, nagtataguyod ng inobatibong pakikilahok at nagbibigay ng ligtas na mga espasyo para sa kabataan, at nagpapaigting sa ating Termino ng Prayoridad ng Konseho na ang Brampton ay isang Nakakalusog at Ligtas na Komunidad.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga pamumuhunan ng Pederal at Lalawigan sa isa sa mga Hub ng Kabataan sa Komunidad ay isang kapana-panabik na pag-develop sa ating paglalakbay sa paglikha ng mga espasyong ito para sa mga kabataan sa Brampton. Habang umaabante tayo, pinapalahok natin ang mga kabataan para magkatulong na lilikha ng dinamikong espasyong ito na may mga programa at mga serbisyo na pinasadya sa kanilang mga pangangailangan.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal Wards 1 at 5; Chair, Mga Serbisyo sa Komunidad, Lungsod ng Brampton*

“Bilang mga Konsehal para sa Ward 4, itinataguyod natin sa Konseho ng Lungsod at Rehiyon ang pag-develop ng dalawang hub ng kabataan sa Brampton. Malugod nating tinatanggap ang investment sa araw na ito ng mga pamahalaan ng Lalawigan at Pederal na nagpapasulong sa proyektong ito at lilikha ng bagong mga pagkakataon para sa kabataan sa Brampton. Aktibong hinihingi ng Lungsod ang feedback mula sa bahagi ng kabataan tungkol sa kanilang pananaw sa proyektong at inaasahan natin ang paglakip ng kanilang feedback habang dine-develop natin ang Hub ng Kabataan sa South Fletchers Sportsplex.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; at Jeff Bowman, Konsehal ng Lungsod, Wards 3 at 4, Lungsod ng Brampton*

“Ang staff ng Lungsod ay dedicated sa pagpapalano at pagdisenyo sa mga espasyo ng kabataan na ito na pinasadya sa mga pangangailangan ng ating mga kabataan, at ang mga pamumuhunan na ito ay susuporta sa atin sa paglikha ng Hub ng Kabataan sa Komunidad sa South Fletcher’s Sportsplex. Inaasahan natin ang patuloy na pakikipagtulungan sa mga stakeholder at pinapasali ang ating kabataan na itatag itong mga espasyo na pinasadya para sa kabataan.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Ang pamumuhunan sa mga sentrong panlibangan ay nagtataguyod sa kalusugan at kabutihan at nagbubuo sa nagsasali sa lahat at sustenableng mga komunidad kung saan gusto ng mga taong manirahan, magtrabaho at magtayo ng pamilya. Ang Hub ng Kabataan sa South Fletcher ay magbibigay sa kabataan ng Brampton sa lahat ng background, ng isang ligtas na espasyo na sasalihan, at mapagkukunan ng pakinabang. Ang iba’t ibang hanay ng mga programa at mga serbisyo na inialok ay aambag din sa pag-unlad ng komunidad sa hinaharap. Ang plano sa imprastruktura ng Canada ay namumuhunan sa libo-libong proyekto na lilikha ng mga trabaho sa buong bansa, at magtatayo ng mas malinis, mas nagsasalang mga komunidad.”

- *Sonia Sidhu, Miyembro ng Parliyamto para sa Brampton South, sa ngalan ni Honourable Catherine McKenna, Federal Minister of Infrastructure and Communities*

“Sa pamamagitan ng pamumuhunan sa panlibangang mga lugar sa Brampton sa araw na ito, namumuhunan tayo sa pangmatagalang paglago at pag-unlad sa ating komunidad sa mga taon na darating. Ang Hub ng Kabataan na darating sa South Fletcher’s Sportsplex ay magbibigay sa ating mga kabataan ng lugar na pagtitipunan, at sa ating komunidad ng bagong mga lugar para kumonekta.”

- *Honorable Prabmeet Sarkaria, Associate Minister of Small Business and Red Tape Reduction at Miyembro ng Panlalawigang Parliyamto para sa Brampton South, sa ngalan ni Honourable Laurie Scott, Minister of Infrastructure ng Ontario*

“Ang pagsuporta sa ating mga partner sa munisipalidad sa pamamagitan ng pondo para sa mga proyekto sa lokal na panlibangang pasilidad tulad ng Hub ng Kabataan sa South Fletcher ay bumubuo ng mas malakas, mas masaya, mas ligtas, at mas nakakalusog na mga komunidad. Ang pamumuhunan na ito sa ating lokal na pampublikong imprastraktura ay mas magpapabuti sa kalidad ng buhay ng mga kabataan sa Brampton habang lumalaki at lumalawak ang ating komunidad.”

- *Amarjot Sandhu, Miyembro ng Panlalawigang Parliyamanto para sa Brampton West*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng higit sa 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

#### **MGA KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)

Chantalle Aubertin  
Press Secretary  
Office of the Minister of Infrastructure and Communities  
613.941.0660 | [chantalle.aubertin@canada.ca](mailto:chantalle.aubertin@canada.ca)

Christine Bujold  
Press Secretary  
Office of the Honourable Laurie Scott, Ontario's Minister of  
Infrastructure  
416.454.1782 | [christine.bujold@ontario.ca](mailto:christine.bujold@ontario.ca)

Sofia Sousa-Dias  
Communications Branch  
Ontario Ministry of Infrastructure  
437.991.3391 | [sofia.sousa-Dias@ontario.ca](mailto:sofia.sousa-Dias@ontario.ca)

Media Relations  
Infrastructure Canada  
613-960-9251  
Toll free: 1.877.250.7154  
Email: [infc.media.infc@canada.ca](mailto:infc.media.infc@canada.ca)  
Sundan kami sa [Twitter](#), [Facebook](#) at [Instagram](#)  
Web: [Infrastructure Canada](http://Infrastructure Canada)